

## Aplikasyon para sa Senior Farmers Market Nutrition Program at Apidabit para sa Pagiging Karapat-dapat

\*Pangalan: \_\_\_\_\_ \*Petsa ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_

Address: \_\_\_\_\_

Bayan: \_\_\_\_\_ Zip code: \_\_\_\_\_ County: \_\_\_\_\_

Telepono: \_\_\_\_\_

Ang Senior Farmers Market Nutrition Program (SFMNP) o Programa ng Nutrisyon para sa Senior Citizen sa Merkado ng Magsasaka ay nagtutustos ng preskong prutas at mga gulay sa mga senior citizen na may mas mababang kita na may layuning pagpapabuti ng estado ng kanilang kalusugan at nutrisyon. Sumusuporta rin ito sa lokal na pagsasaka sa pamamagitan ng pagpapadalas sa paggamit ng merkado ng mga magsasaka at mga tindahan sa tabing daan.

Upang maging angkop para sa SFMNP, kailangang matugunan ninyo ang lahat sa mga sumusunod:

- Kailangang kayo ay 60 anyos o higit (o 55+ kung kayo ay Katutubong Amerikano/Katutubo ng Alaska)
- Ang inyong kita ay kailangang mababa sa 185% ng Federal Poverty Level (Antas ng Kahirapan sa Federal). Ang ibig sabihin niyan
  - \$23,828 Taunan o \$1986 Buwanang Kita para sa 1 tao
  - \$32,227 Taunan o \$2686 Buwanang Kita para 2 tao
  - Para sa mas malalaking sambahayan, dagdagan ng \$700 para sa bawat karagdagan tao
- Kailangang kayo ay residente ng Estado ng Washington

Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, pinapatunayan ninyong natutugunan niyo ang lahat ng mga rekisito para sa kwalipikasyon sa taas at inaamin na binigyan kayo ng impormasyon tungkol sa mga Karapatan at Responsibilidad sa SFMNP.

\* \_\_\_\_\_  
Lagda ng Kalahok

\* \_\_\_\_\_  
Petsa

Pakisagutan ang dalawang tanong sa ibaba:

1. \*Mangyaring tsekan ang lahat ng angkop:
  - Amerikanong Indyan o Katutubo ng Alaska
  - Asyano
  - Afrikano Amerikano
  - Puti
  - Katutubong Hawayano o Iba pang Tagapulong Pasipiko (Pacific Islander)
2. Itinuturing mo baa ng sarili mo bilang Hispaniko/Latino?  Oo  Hindi

Alinsunod sa batas ng Federal at polisiya ng U.S. Department of Agriculture, ang institusyong ito ay pinagbabawalan sa pagtatangi-tangi base sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan o paghihiganti para sa aktibidad dati sa

mga karapatang sibil sa anumang programa o aktibidad na ginagawa o pinopondohan ng USDA. Mangyaring tingnan ang kabilang bahagi ng apidabit para sa higit pang impormasyon.

### **Pahayag ng Kawalan ng Diskriminasyon Pagiging malaya mula sa diskriminasyon**

Pinagbabawalan ang institusyon na ito mula sa pandiskrimina sa basehan ng kasarian, lahi, paniniwala, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuan bilang beterano o military, sekswal na oryentasyon, kapansanan o ang paggamit ng isang gabay na aso o sinanay na service animal (isang naglilingkod na hayop na hiwalay na sinanay upang gumawa o gawin ang mga gawain para sa kapakinabangan ng isang indibiduwal na may kapansanan.) (RCW 49.60.030)

#### **USDA**

Alinsunod sa Pederal na batas sa mga karapatang sibil at mga regulasyon at patakaran sa mga karapatang sibil ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (U.S. Department of Agriculture, USDA), ang USDA, ang mga Ahensiya nito, mga opisina at mga empleyado, at ang mga institusyon na lumalahok o nangangasiwa sa mga programa ng USDA ay pinagbabawalan din mula sa pandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, edad o paghihiganti para sa aktibidad dati sa mga karapatang sibil sa anumang programa o aktibidad na ginagawa o pinopondohan ng USDA.

Ang mga taong may mga kapansanan na kailangan ng mga alternatibong paraan ng pakikipag-ugnayan para sa impormasyon ng programa (hal. Braille, malaking letra, audiotape, American Sign Language, atbp.), ay dapat makipag-ugnayan sa Ahensiya (Estado o lokal) kung saan sila nag-apply para sa mga benepisyo. Ang mga indibiduwal na bingi, may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Pederal na Relay Service sa (800) 877-8339. Bilang karagdagan, maaaring makuha ang impormasyon sa mga wika na maliban sa Ingles.

**Upang magsampa ng reklamo sa diskriminasyon sa isang programa**, kumpletuhin ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa ng USDA, (AD-3027) na makikita sa online sa: [http://www.ascr.usda.gov/complaint\\_filing\\_cust.html](http://www.ascr.usda.gov/complaint_filing_cust.html), at sa anumang opisina ng USDA, o sumulat na naka-address sa USDA at ibigay sa sulat ang lahat ng impormasyong hiniling sa form. Upang humiling ng kopya ng form ng reklamo, tumawag sa (866) 632-9992. Isumite ang inyong nakumpletong form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng:

(1) **Ipadala ang reklamo sa diskriminasyon sa:** U.S. Department of Agriculture

Office of the Assistant Secretary for Civil Rights

1400 Independence Avenue, SW

Washington, D.C. 20250-9410;

(2) I-fax ang **reklamo sa diskriminasyon sa:** (202) 690-7442; o

(3) I-email ang **reklamo sa diskriminasyon sa:** [program.intake@usda.gov](mailto:program.intake@usda.gov).

***Ang institusyon na ito ay isang tagabigay ng serbisyo na nagbibigay ng patas na pagkakataon.***